Australian Red Cross



# Nangyayari ang mga sakuna at kagipitan.

Ang magandang balita ay may mga simpleng bagay tayong magagawa ngayon pa lang upang ikaw ay makapaghanda.



Kung ito man ay likas na sakuna, aksidente sa sasakyan o pandaigdigang pandemya, ang pagharap sa mga ganitong kagipitan ay malaking hamon at may mabigat na mga epekto sa ating mga buhay.

## Magsimula sa paghahanda ng iyong isip:

Pag-isipan kung paano ka kikilos sa kagipitan at isipin ang ilang mga estratehiya na iyong magagamit upang manatiling kalmado at hindi mabahala. Matutulungan ka nitong gumawa ng tamang desisyon sa panahon ng kagipitan.

## Maging maalam.

Alamin ang mga panganib na iyong kinakaharap sa pamamagitan ng pagsaliksik sa mapagkakatiwalaang lugar ng impormasyon tulad ng inyong konseho ng lungsod, lokal na aklatan, lokal na mga serbisyong pang-emerhensiya, o mga taong matagal nang naninirahan sa inyong lugar.

## Maging konektado.

Ang pagiging konektado sa mga tao sa inyong komunidad ay nangangahulugan na matutulungan ninyo ang isa't isa sa panahon ng mga kagipitan. Upang mapaunlad ang iyong mga ugnayan, maaari kang sumali sa isang club, maging isang boluntir sa isang lokal na organisasyon, o kamustahin man lang ang isang kapit-bahay at makipagpalitan ng inyong mga personal na detalye sa kanila.

## Maging organisado.

Isipin ang mga praktikal na bagay na maaari mong gawin ngayon pa lang upang makapaghanda. Halimbawa, gumawa ng mga kopya ng mahahalagang dokumento at itago ang mga orihinal sa isang ligtas na lugar. Tukuyin ang mga bagay na may personal na halaga sa iyo na ayaw mong mawala. Magandang ideya rin ang gumawa ng isang plano para sa panahon ng kagipitan at maghanda ng isang emergency kit kung sakaling kailangan mong lisanin mabilisan ang iyong tahanan. Nangyayari ang mga sakuna at kagipitan at makakatulong ang maging laging handa.

Para sa karagdagang kaalaman, bisitahin ang website ng Australian Red Cross o i-download ang Red Cross Get Prepared App.

Australian Red Cross

GET PREPARED
Protect what matters most

Download on the App Store

ANDROID APP ON Google play

TAGALOG